# Maiikling Kaalaman tungkol sa Hepatitis B

Ang lahat ng kailangan mong malaman sa loob lang ng 2 minuto o mas kaunti pa!

## Ano ang Hepatitis B?

Ang Hepatitis B ay ang pinakakaraniwang malalang impeksiyon sa atay sa buong mundo. Sanhi ito ng hepatitis B virus (HBV), na umaatake sa mga selula ng atay at maaaring humantong sa cirrhosis (scarring), pagkasira ng atay, o kanser sa atay.

Ang karamihan ng malulusog na taong nagkakaroon ng ganitong impeksiyon nang nasa hustong gulang ay nakakayanang labanan ang impeksiyon at alisin ang virus sa kanilang dugo. Maaari itong umabot nang hanggang 6 na buwan, at sa loob ng panahong iyon, posible silang makahawa. Sa kasamaang-palad, ang mga sanggol at maliliit na bata ang pinakananganganib na magkaroon ng pangmatagalan (panghabambuhay) na impeksiyon kung malalantad man sila sa HBV.

Tinatayang 5-10% ng mga nasa hustong gulang, 30-50% ng mga bata, at 90% ng mga sanggol ang hindi nakakalaban sa virus at nagkakaroon ng pangmatagalang impeksiyon. Maaaring maipasa ang virus sa iba ng mga taong may pangmatagalang impeksiyon (kahit na wala silang sintomas), at higit silang nanganganib na magkaroon ng sakit sa atay at kanser sa atay di-kalaunan sa kanilang buhay.

Mabuti na lang, maaaring maiwasan ang hepatitis B sa pamamagitan ng ligtas at mabisang bakuna. Mayroon ding mabibisang paraan ng paggamot para sa mga taong namumuhay nang may pangmatagalang hepatitis B.

## Ang Hepatitis B ayon sa Mga Numero

**Sa Buong Mundo:**

- 1.5 milyon ang magkakaroon ng impeksiyon
- 296 milyong katao sa buong mundo ang may pangmatagalang impeksiyon ng hepatitis B
- 820,000 katao ang namamatay taun-taon - 1 tao kada 30 segundo - dahil sa mga komplikasyon ng hepatitis B gaya ng kanser sa atay

**Sa Estados Unidos:**

- Hindi bababa sa 20,000 katao ang bago pa lang magkakaroon ng impeksiyon
- Hanggang sa 2.4 milyong Amerikano ang may pangmatagalang impeksiyon ng hepatitis B
- Libu-libong Amerikano ang namamatay dahil sa hepatitis B at sa mga komplikasyon nito, gaya ng kanser sa atay

## Maiiwasan ba ang Hepatitis B?

OO! Itanong sa iyong doktor ang tungkol sa ligtas at mabisang bakuna para sa hepatitis B at protektahan ang sarili mo at ang mga mahal mo sa buhay nang panghabambuhay. Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) na makatanggap ng bakuna para sa hepatitis B ang lahat ng sanggol, bata, nasa hustong gulang hanggang sa edad na 59, at nasa hustong gulang na 60 pataas na lubos na nanganganib na magkaroon ng impeksiyon. Sa labas ng U.S., inirerekomenda ng World Health Organization (Pandaigdigang Organisasyon para sa Kalusugan) na makatanggap ng bakuna ang lahat ng sanggol, bata, mga tin-edyer na hanggang 18 taong gulang, at nasa hustong gulang na lubos na nanganganib. Tandaan, ilang turok lang ang kailangan para magkaroon ng panghabambuhay na proteksiyon!

HEPATITIS B FOUNDATION

Ang Hepatitis B Foundation ay isang pambansang organisasyong walang layuning kumita ay nakatuon sa paghahanap ng lunas at sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga apektado ng hepatitis B sa buong mundo.

**www.hepb.org | 215-489-4900**

## Paano Naipapasa ang Hepatitis B?

Ang Hepatitis B ay naipapasa sa pamamagitan ng may impeksiyong dugo at likidong galing sa katawan. Maaari itong mangyari sa pamamagitan ng direktang pagkakadikit ng dugo sa dugo, pakikipagtalik nang walang proteksiyon, paggamit ng ipinagbabawal na gamot, at mula sa isang babaeng may impeksiyon papunta sa kanyang bagong silang na sanggol sa panahon ng pagbubuntis o panganganak.

**Ang Hepatitis B ay maaaring maikalat sa pamamagitan ng:**

- Direktang pagkakadikit sa may impeksiyong dugo
- Pakikipagtalik nang walang proteksiyon
- Marumi o hindi isterilisadong karayom (sa paggamit ng gamot na IV o itinuturok sa ugat, mga karayom na pangtato/ pambutas)
- Pagtira sa isang bahay kasama ng isang taong may impeksiyon
- Mula sa isang inang may impeksiyon papunta sa kanyang bagong silang na sanggol sa panahon ng pagbubuntis o panganganak
- Pakikipaghiraman ng pang-ahit, sipilyo, panggupit ng kuko, hikaw, o alahas sa katawan sa isang taong may impeksiyon
- Kagat ng taong may impeksiyon
- Mga hindi isterilisadong instrumentong gamit ng mga dentista, doktor, at barbero sa tabi-tabi

**Ang Hepatitis B ay hindi naikakalat sa pamamagitan ng:**

- Paghalik sa pisngi o labi
- Pag-ubo o pagbahin
- Casual na pakikipag-ugnayan gaya ng pagyakap, paghawak ng kamay o pakikipagkamay
- Pagkaing inihanda ng isang indibiduwal na may impeksiyon o pagsalo sa kanya sa pagkain



## Sino ang Pinakananganganib na Magkaroon ng Hepatitis B?

- Mga batang ipinanganak sa mga inang may impeksiyon ng HBV
- Mga taong nakatira sa bahay kasama ng isang indibiduwal na may pangmatagalang impeksiyon na malapit nilang nakakasalamuha
- Mga batang inampon mula sa isang bansa kung saan laganap ang HBV
- Mga indibiduwal na nakikipagtalik nang walang proteksiyon o may mahigit sa isang katalik sa loob ng 6 na buwan
- Mga taong na-diagnose na may sexually transmitted disease (STD, sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik)
- Mga lalaking nakikipagtalik sa kapwa lalaki
- Mga indibiduwal na naghihiraman ng karayom at heringgilya
- Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at mga taong tumutugon sa emergency
- Mga taong nagda-dialysis sa bato
- Mga indibiduwal na nakatira o nagtatrabaho sa isang institusyon, gaya ng bilangguan o panggrupong tahanan

## Mga Karagdagang Dulugan para sa Hepatitis B (nasa wikang Ingles)

- Hepatitis B Foundation: http://www.hepb.org
- CDC Division of Viral Hepatitis (Sangay ng Viral na Hepatitis): https://www.cdc.gov/hepatitis/
- World Health Organization: http://www.who.int/mediacentre/factsheets/fs204/en/
- Immunization Action Coalition: http://www.immunize.org

HEPATITIS B FOUNDATION

Ang Hepatitis B Foundation ay isang pambansang organisasyong walang layuning kumita ay nakatuon sa paghahanap ng lunas at sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga apektado ng hepatitis B sa buong mundo.

**www.hepb.org | 215-489-4900**